

Koshigaya Messenger

Ang Koshigaya Messenger ay isang multilingual monthly paper na lumalabas sa unang linggo ng buwan. Pwede itong mabasa sa website ng Koshigaya.

Koshigaya City International Affairs (KOKUSAIKA)

☎048-963-9114, City Hall Main Building – 3F

Community Activity Support Section



Website♪



Instagram♪



CONSULTATION COUNTER SA CITY HALL PARA SA MGA FOREIGN RESIDENTS

Makakatulong at makapagbigay ng impormasyon ang opisina tulad ng sumusunod:

- Mga pag-proseso na gagawin sa city hall, mga sulat, notipikasyon at iba pa mula sa city hall na hindi alam kung ano ang ibig sabihin, at iba pa
- Japanese language classes ng siyudad na mura o walang bayad
- Impormasyon ng mga opisina o ahensya na pwedeng malapitan para sa mga espesyal na tema ng konsultasyon o gustong i-konsulta at iba pa

 越谷特別市民 ガーヤちゃん	ISKEDYUL	9:00am – 4:30pm, Lunes hanggang Biyernes (Maliban kung Sabado, Linggo at holiday)
	SAAN	Koshigaya City Hall Main Building 3 rd floor, sa opisina ng Community Activity Support Section (SHIMIN KATSUDO SHIEN KA) *7-minute walk mula sa Koshigaya station, east exit
	WIKA	English, Chinese, Filipino, Vietnamese & Simple Japanese *May available na online interpreter para sa ibang wika
	TELEPONO	☎048-963-9114

CONSULTATION COUNTER PARA SA MGA FOREIGN RESIDENTS SA COMMUNITY ACTIVITY SUPPORT CENTER

Maliban ng consultation counter sa city hall, may bagong consultation counter para sa mga foreign residents na nagbukas noong Abril. Tumatanggap ito ng konsultasyon kaugnay sa pagdiborsyo ng international marriages, batas, Japanese language classes at iba pa kaugnay sa paninirahan.

SAAN: Community Activity Support Center, Koshigaya Twin City B-City 5th floor

*Malapit sa Koshigaya Station east exit

ORAS NG KONSULTASYON: 10:00am – 4:30pm, Araw-araw (Maliban sa Disyembre 29 – Enero 3)

WIKA: English & Chinese (araw-araw); Makipag-ugnayan sa opisina para sa ibang linguahe.

LIBRENG KONSULTASYON SA ABOGADO, ADMINISTRATIVE SCRIVENER atbp.

Tuwing ika-3 na
Miyerkules ng buwan,
Administrative Scrivener
(Visa) Consultation
NEXT SCHEDULE: Mayo 21



Tuwing ika-4 na
Miyerkules ng buwan,
Legal Consultation
NEXT SCHEDULE: Mayo 28



General
Consultation Form

IMPORMASYON: Community Activity Support Center (SHIMIN KATSUDO SHIEN SENTA)

DISASTER PREVENTION DRILL 2025

Ang Japan ay isa sa bansa na may maraming natural disasters tulad ng lindol, baha at iba pa. Upang maging handa at maprotektahan ang sarili at mga mahal sa buhay tuwing may kalamidad, importante na magkaroon ng regular na disaster prevention drill. Ngayong taon ay magkakaroon na naman ng libreng disaster prevention drill sa Koshigaya. Kahit sino, mga bata, adults, Japanese, foreigners, ay pwedeng sumali. May ipamimigay na souvenirs pagkatapos ng event. At may mga volunteer interpreter para sa mga hindi kabisado ang wikang Hapon. Sali na!

KAILAN: Hunyo 7, Sabado; 9:00am – 12:00noon (8:30am ang simula ng registration)

SAAN: Koshigaya Fire Department (8-minute walk mula Kita-Koshigaya station, east exit)

DEADLINE NG PAGPA RESERBA PARA SUMALI: Hunyo 2, Lunes

*Magpa reserba online o di kaya tumawag o magpunta sa opisina.

IMPORMASYON: Community Activity Support Section (SHIMIN KATSUDO SHIEN KA)

City Hall Main Building 3F, ☎048-963-9114 (9:00am – 5:00pm / Lunes – Biyernes)

*Pwedeng tumawag sa wikang English, Filipino (Tagalog), Chinese at Vietnamese

*Para sa detalye, tingnan sa website ng Koshigaya



Online
application

ROAD SAFETY: MANNERS SA PAGGAMIT NG BISEKLETA

May maraming batas ng trapiko at regulasyon na dapat sundin. Ang 5 na pinaka importanteng guidelines kaugnay sa paggamit ng bisekleta ay ang sumusunod:

- 1) Normally, ang pagpapatakbo ng bisekleta ay sa kaliwang bahagi (parehong lane ng sasakyan) ng kalsada. Kung magpatakbo ng bisekleta sa sidewalk o daanan ng tao, tandaan na priority ang mga naglalakad sa mga lugar na ito.
- 2) Sundin ang ilaw ng trapiko at rules sa pagtawid ng mga intersection ng kalsada.
- 3) Kailangan may ilaw ang bisekleta kapag nag simula ng dumilim.
- 4) Hindi pwedeng sumakay sa bisekleta kung uminom ng alak o nakaimonm ng alak.
- 5) Magsuot ng helmet tuwing mag-bisekleta.



MAY KOPYA KA NA BA DISASTER PREPAREDNESS GUIDEBOOK?

Ang Koshigaya disaster preparedness guidebook ay naglalaman ng impormasyon upang maging handa at mabawasan ang anumang pinsala at iba pa tuwing may lindol at baha. Humingi ng kopya at gamitin ito bilang gabay sa iyong paghahanda.

SAAN PWEDE MAKAKUHA NG KOPYA: City Hall Main Building 3F

- 1) Crisis Management Office 2) Community Activity Support Section

Koshigaya City
Comprehensive Disaster Preparedness Guidebook
(Koshigaya-shi Sogo Bosai Guidebook)



Koshigaya City Comprehensive Disaster Preparedness
Guidebook in English, Chinese, Vietnamese and simple
Japanese.



IMPORMASYON: Crisis and Management Office (KIKI KANRI SHITSU), ☎ 048-963-9285

~Tomoni Aruko~



Illustrated by Saiinji-san

Ang magbabahagi ngayong buwan ng Mayo ay si Dan-san. Siya ay isa sa coordinator for international relations at in-charge ng Chinese language na nagtatrabaho sa Koshigaya City Hall.

Ang pag-uusapan ngayong buwan na ito ay tungkol sa pagsali o pakikilahok ng mga foreigner dito sa Japan sa lokal na komunidad.

.....

JOURNEYING TOGETHER...

BILANG MIYEMBRO NG KOMUNIDAD, MAGKAIBA MAN ANG BANSANG PINANGGALINGAN

Kumusta ka? Ako nga pala si Dan. Isang *Chinese national* na naninirahan sa Japan. Kung ikaw ay hindi *native* ng Japan, pareho tayo!

Patuloy na sumusulong ang *aging society* ng Japan. At dahil dito ang inisyatibo na pagtanggap ng mga *workers* mula sa ibang bansa ay patuloy na dumadami. Ayon sa report noong 2024 (*immigration services agency*), umaabot ng higit 3.7 *million* ang mga *foreigners* na nakatira sa Japan. Kumpara sa nakaraang taon, mahigit sa 10.8% ang pag-*increase* nito. Isa sa mga *residence status* na patuloy na dumadami ay ang *Specified Skilled Worker, SSW visa*. Pagkatapos ng kontrata bilang SSW, siguro marami ang uuwi sa sariling bansa. Ngunit, marami rin ang pumiling manatili at patuloy na maninirahan sa Japan. Sa batas ng Japan, lahat ng mga nakatira sa bansa, Japanese man o *foreign national* ay may obligasyon sa pagbabayad ng *tax* o buwis. May karapatan din ang bawat isa na i-enjoy ang pagkakaroon ng seguridad at tumanggap ng serbisyo tulad ng *medical care, employment benefits, welfare, education, etc.* kung kinakailangan at kung *eligible* sa pagtanggap ng mga ito ang hawak na *residence status*.

Umaasa rin ang mga *foreign residents* rin na magkaroon ng seguridad, ligtas at payapa na pamumuhay bilang miyembro ng komunidad. Nagsisikap ang mga ito na alamin ang kultura, kaugalian at kustombre ng lokal na komunidad. Ngunit dahil sa laki ng pagkakaiba ng mga ito at ng linguahe, kailangan ng oras at panahon upang maiintindihan ng husto ang iba't-ibang patakaran, *norms, customs, etiquettes*, at iba pa ng bansa. At dahil dito, may mga panahon na magkakaroon ng hindi pagkaka intindihan, pagkawala ng tiwala sa isa't isa at iba pa. at ito ang isa sa mga maging dahilan ng pagkabuo ng iba't ibang *ethnic community* kung saan nagtipon-tipon ang mga may parehong linguahe, kultura, paniniwala at iba pa. Hindi masama ang pagkakaisa ng mga may parehong pinanggalingan at paniniwala. Ngunit, kung patuloy ang separasyon at paglayo ng mga ito sa lokal na komunidad, maging dahilan din ito ng pagkanya-kanya at pagtaas ng pagkakaroon ng *conflict between groups*.

Habang nakatira o naninirahan sa Japan, kailangan samasama at magkakaisa tayo sa pagkamit at pagkakaroon ng isang kumportableng komunidad para sa bawat naninirahan. Magkaiba man tayo ng pinanggalingan, kailangan tayong magkaisa bilang miyembro sa parehong komunidad. Maging parte tayo sa komunidad sa pamamagitan ng pagsali ng mga *events, volunteer activities*, at iba pa. Ang mga ito ay isang malaking kontribusyon natin sa komunidad at lipunan. Bilang isang dayuhan at bilang *minority* na naninirahan sa Japan, marami tayong mga kahirapan na mararanasan, ngunit sana naman ay hindi ito maging dahilan ng ating paghiwalay sa *society*. Kahit bilang isang *foreigner* sa Japan, huwag tayong mag-alinlangan na sumali sa mga *events* at pa sa komunidad. At kung may mga tanong, pag-alala, at anumang *concerns*, huwag din mag-alinlangan na kumonsulta sa mga *Consultation Counter for Foreign Residents*. Ikinagagalak namin na tumulong kung kinakailangan.

Japanese Language Classes sa Buwan ng Mayo

Sun	Mon	Tue	Wed	Thu	Fri	Sat
				1	2	Constitutional Day 3
					☆Nihongo de Go! (Coop Plaza Koshigaya)	☆Lingual Koshigaya
4 Greenery Day	5 Children's Day	6 Substitute Holiday	7 ☆Nihongo Circle	8	9 ☆Nihongo de Go! (Minami Koshigaya Community Center)	10 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai
11	12	13	14 ☆Nihongo Circle	15	16 ☆Nihongo de Go! (Coop Plaza Koshigaya)	17 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai ☆Tabunka Kodomo Gakushu Juku
18	19	20	21 ☆Nihongo Circle ☆Kosumo Nihongo Salon	22	23 ☆Nihongo de Go! (Minami Koshigaya Community Center)	24 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai
25	25	27	28 ☆Nihongo Circle ☆Kosumo Nihongo Salon	29	30	31 ☆Lingual Koshigaya ☆Tabunka Kodomo Gakushu Juku

	KAILAN	SAAN AT PINAKAMALAPIT NA TRAIN STATION
NIHONGO CIRCLE 【 ¥ 100 PER LESSON 】 *Childcare services: ¥100 (kailangan ng reserbasyon)	<u>Miyerkules</u> 10:00am – 12:00noon	SAAN: Central Community Center 4F/5F (ADRES: Koshigaya 4-1-1) STATION: Koshigaya Station East Exit (7-min. walk) IMPORMASYON: ☎048-974-5642 (SHIRATA-SAN)
KOSUMO NIHONGO SALON 【 ¥ 100 PER LESSON 】	<u>Miyerkules (Gabi)</u> 7:00pm – 8:30pm	SAAN: Community Activity Support Center (ADRES: Koshigaya-shi Yayoico 16-1 Koshigaya Twin City B-City 5F) STATION: Koshigaya Station East Exit (1-min. walk) IMPORMASYON: ☎090-5347-2041 (KOJIMA-SAN)
NIHONGO DE GO! 【 ¥ 100 PER LESSON 】	<u>Biyernes</u> 1:30pm – 3:30pm	(1) SAAN: Coop Plaza Koshigaya (ADRES: Minami Koshigaya 5-4-37) STATION: Shin Koshigaya Station West Exit (6-min. walk) (2) SAAN: Minami Koshigaya Community Center – Palette (ADRES: Minami Koshigaya 4-21-1) STATION: Shin Koshigaya Station West Exit (5-min. walk) IMPORMASYON: ☎090-5574-7070 (TAKAYAMA-SAN)
LINGUAL KOSHIGAYA 【 LIBRE 】	<u>Sabado</u> 10:00am – 12:00noon	SAAN: Central Community Center 4F/5F (ADRES: Koshigaya 4-1-1) STATION: Koshigaya Station East Exit (7-min. walk) IMPORMASYON: ☎080-3478-3314 (SUZUKI-SAN)
TABUNKA KODOMO GAKUSHU JUKU 【 LIBRE 】	<u>Sabado (1st & 3rd)</u> 1:30pm – 3:30pm	SAAN: Community Activity Support Center (ADRES: Koshigaya-shi Yayoicho 16-1 Koshigaya twin City B-City 5F) STATION: Koshigaya Station East Exit (1-min. walk) IMPORMASYON: ☎090-7422-2002 (OGAWA-SAN)
KOSUMO KODOMO KYOSHITSU & KOSUMO NIHONGO SALON SENGENDAI 【 LIBRE 】	<u>Sabado</u> 1:30pm – 3:30pm	SAAN: Resona Youth Base, Saitama Resona Sengendai Branch 3F (ADRES: Koshigaya-shi Sengendai 1-5-17) STATION: Sengendai Station West Exit (3-min. walk) IMPORMASYON: ☎090-8310-9522 (INCHARGE)

